# Modyul 18
## Pagsusuri sa Akda Batay sa Pagkapanitikan Nito



### Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Natutuwa ako at maluwalhati mong natapos ang dalawang unang modyul ng El Filibusterismo. Siguro naman, sa pagkakataong ito, kilala mo na ang mga tauhan ng nobelang ito, ang kanilang ugali, paniniwala at paninindigan sa buhay, na siya ring pananaw, panimula at paninindigan ng ating pambansang bayaning si Dr. Jose Rizal, pati na ang inaasam niya para sa bayan.


Ngayon naman, dadako ka na sa ikatlong modyul. May mga panibagong gawain at pagsasanay na inihanda upang matulungan kang maipagpatuloy mo ang pag-aaral sa nobelang ito sapagkat sa modyul na ito, ibayong pagsusuri ang gagawin mo upang ganap mong maunawaan ang lalim ng nilalaman nito at nang makapagbigay ka ng reaksyon sa pagkapanitikan ng akda, paggamit ng mga makatotohanang tauhan at paglalahad ng mga kaalamang dapat mong matutuhan.

Kalakip ng modyul na ito ang pagtalakay sa kabanata XXI- Mga Ayos Maynila, kabanata XXII- Ang Palabas, kabanata XXIII- Isang Bangkay at Kabanata XXIV- Mga Pangarap na may pamagat na “Sa Lahat ng Kaganapan, kabanata XXV- Tawanan at Iyakan, Kabanata XXVI- Mga Paskil, at kabanata XXVII- Ang Prayle at ang Estudyante na may pamagat na “ Laban sa Makapangyarihan,” kabanata XXVIII- Pagkatakot, kabanata XXIX- Mga Huling Salita Ukol Kay Kapitan Tiyago at kabanata XXX- Si Huli na may pamagat na “ Mga Huling Sandali.” Pati ang pagsusuring panglinggwistika, pagsusuring pangnilalaman at pagsusuring pampanitikan ay makatutulong nang malaki sa lalo pang pag-unawa mo sa mga kabanatang ito at maugnay mo sa kasalukuyang kaganapan maging sa iyong karanasan, kaya tulad ng dati, pagbutihin mo.



### Ano ang Matututunan mo?


Masusuri ang akda batay sa mga tiyak na katangian nito.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Napakahalaga ng modyul na ito kaya pag-ingatan mo. Marami pa ang gagamit nito kaya huwag mo itong dudumihan. Gumamit ka ng ibang papel sa pagsagot. Ang modyul na ito ay sadyang inihanda para sa iyong pagkatuto kaya sundin mo ang mga sumusunod na tagubilin.

1. Una, susukatin muna ng modyul na ito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin kaya ayusin mo ang pagsagot sa panimulang pagsusulit sa bahaging "Ano ba ang Alam mo?"
2. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung mababa man ang iyong iskor, huwag kang mabahala. Tutulungan ka ng modyul na ito.
3. Unawain mong mabuti ang mga buod ng kabanata ng El Filibusterismo. Pagkatapos, gawin mo ang mga kasunod na gawain.
4. Sagutin mo ang pangwakas na gawain upang malaman mo kung gaano ka na nga kahusay.
5. Tulad ng dati, iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.



## *Ano ba ang Alam Mo?*

Ang susunod na gawain ay panimulang pagsusulit na susukatin ang lawak ng inyong kaalaman hinggil sa paksa, kaya basahin mo itong mabuti at sundin ang panuto.

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Patuloy ang walang patumanggang kagalitan at babagan ng mga tao sa harap ng takilya. Ang babagan ay nangangahulugang _________________.
   a. awayan  c. kaguluhan
   b. sigawan  d. siksikan

2. Talagang makapal na ang tao na parang halong kalamay. Ang parang halong kalamay ay nangangahulugang ______________.
   a nagsisiksikan  c. nagwawala
   b. nagkakasakitan  d. nagkakagulo

3. Pinangangalandakan ni Ben-zayb na masama ang pagtuturo sa kabataan sa Pilipinas. Ang pinangangalandakan ay nangangahulugang ___________.
   a. ikinakalat  c. ipinagyayabang
   b. ipinamamalita  d. ipinagmamalaki

4-5. Alin ang totoo ayon sa binasa?
a. Nakikigulo si Camaroncocido sa dulaan.
b. Itatayo na ang Akademya ng Wikang Kastila
c. Nanood din si Basilio nang gabing yaon.
d. Nagdaos ng piging ang mga estudyanteng nanood sa loob ng teatro.

6-7. Hindi nakarating si Basilio dahil sa ________.
a. wala siyang hilig sa palabas
b. kailangang magrepaso siya
c. hindi siya pinayagan ni Kapitan Tiyago
d. naaalaala niya si Huli
e. maysakit si Kapitan Tiyago

8. Ang pagkibit ng balikat ni Camaroncocido ay nagpapahiwatig ng __________.
a. walang kaalaman sa paligid
b. walang pakialam sa nagaganap
c. hindi alam ang gagawin
d. hindi alam ang mangyayari

9. Alin kaya ang makatulong upang pagkaguluhan ang pagtatanghal sa dulaang Variadades?
a. Ipinagbawal ng prayle ang pagtatanghal
b. Manonood din ang Kapitan Heneral
c. Dahil sa mga mananayaw sa Pranses
d. Mura lamang ang ticket nito.

10. Alin ang maaaring ibunga ng pagwawalambahala sa mga kaganapan sa paligid?
a. makaiiwas sa kaguluhan
b. walang maitutulong
c. magpapalala sa sitwasyon
d. magkakaroon ng kapayapaan

Nahirapan ka ba sa pagsagot? Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwasto nang malaman mo kung tama o mali ang sagot mo.

# I. Aralin 1: Sa Lahat Ng Kaganapan

## A. Anu-ano ang mga Tiyak na Matututunan Mo?


Matapos mapag-aralan ang kabanata XXI hanggang kabanata XXIV, inaasahang matatamo ang mga susunod na kasanayan;

1. Napipili ang mga salitang magkakaugnay ang mga kahulugan
2. Naipahahayag ang bisa  ng akda sa lipunang ginagalawan
3. Nasusuri ang nais sabihin ng akda sa bumabasa
4. Nailalahad ang kahalagahan ng pakikisangkot sa mga kasalukuyang kaganapan sa bansa
5. Naisusulat ang talatang nagpapaliwanag hinggil sa kaisipan ng akda

B. Mga Gawain sa Pagkatuto.

**1. Alamin Mo…**

Panuto: Isulat mo ang kaugnay na salita ng salitang PANGARAP. Piliin mo sa loob ng kahon ang mga salita.




| | |
|---|---|
| inaasahan | nais |
| hangarin | pananaw |
| panaginip | patutunguhan |
| tinatanaw | ibig |

Mga pamimilian;

Di ba madali lang? Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Tingnan natin, kung ano ang kaugnayan ng mga salitang iyan sa babasahin mo.

**2. Basahin mo…**

Ngayon, palalawakin mo ang iyong kaalaman sa El Filibusterismo. Babasahin mo ang buod ng kabanata XXI at kabanata XXII. Marami pang kaisipan ni Dr. Jose Rizal ang matutunan mo. Basta, unawain mo lamang ang mga ito.

**Sa Lahat ng Kaganapan**

Ang samahan ng opereta ng Pranses na si Mr. Jouy ng Les Cloches de Corneville ay magdaraos ng pagtatanghal sa Dulaang Variadades nang gabing yaon. Ikapito at kalapati pa lamang ng gabi ay wala nang mabiling ticket kaya ang mga tao sa labas ng tanghalan ay nagkakagulo sa haba ng pila at kabilang dito si Padre Salvi. Kahit na nagkaroon ng kagalitan at babagan sa takilya ay wala pa ring ticket ngunit nang mag-ikawalo na, lumaki ang halaga ng mga upuan.

Lampas na sa oras ay di pa nagsisimula ang palabas dahil wala pa ang Kapitan Heneral. Talagang makapal na ang tao na parang hinalong kalamay, may nagtatawanan may nagbabatian, may nagbibiruan, at may mga sumisigaw na: Sa labas ng dulaan, may isang lalaking waring naiiba, na tila hindi kahalo sa mga nagnanais na makapasok sa dulaan. Siya ay tinatawag na Camaroncocido (Hipong halabos). Siya ay lalaking payat, marahan kung lumakad at kinakaladkad ang isang paang naninigas, ngunit mukhang taga-Europeo, anyong pulubi at walang nakaaalam kung saan siya kumakain o matutulog kaya ang buhay niya ay isang hiwaga bagamat ayon sa sabi ,siya ay tagapagbalita.

Samantala, lumapit sa kanya si Tio Kiko na sinasabing kabaligtaran ni,Camaroncocido. Siya’y maliit, maayos manamit bagamat maluwag at nakapantalon hanggang tuhod. Gaya ng kanyang kaibigan, siya ay nabubuhay rin sa paglalathala, nagbabalita ng mga palabas at nagdidikit ng mga kartel ng mga dulaan. Bukod-tangi siyang Pilipino na nakapagsusuot ng chistera at levita na di ginagambala tulad ng kanyang kaibigan na siyang kastilang humahamak sa karangalan ng lahi.

“Anim na piso ang upa ng mga Pranses kay Tio Kiko pero sa mga prayle, magkano naman ang bigay nila? tanong ni Camaroncocido, sabay kibit balikat.

Samantala, sa palabas naman, nahati ang Maynila sa dalawang pangkat, ang mga nagsisitutol dito bilang masagwa at laban sa moralidad, tulad ni Don Custodio at ng mga prayle, mga babaeng may-asawa at may kasintahan.

Mayroon din namang nagtatanggol dito tulad ng mga pinuno ng hukbo, mga marino, mga kawani at maraming matataas na tao.

Ayon kay Camaroncocido, ang kalahati ng mga nagsipasok sa teatro ay nanood dahil sinabi ng mga prayle na huwag manood at ang kalahati ay nag-akalang may itinuturo ang nasabing palabas dahil ipinagbawal ito ng mga prayle.

Sa pag-alis ni Tio Kiko, may napansin si Camaroncocido na mga taong tila di sanay mag-amerikana at waring ayaw mapuna. Inakala niyang ang mga ito ay sekreta o magnanakaw pero may mga lalaking lumapit dito pati na si Simoun na nasa loob ng karuwahe at narinig niya ang sinabing "ang hudyat ay isang putok," ngunit ang mga ito ay pinagkibit-balikat lamang ni Camaroncocido.

Sa isang banda naman ay naroon si Tadeo na kasama ang isang probinsyano na napaniwala niya sa kanyang mga kasinungalingan. Iniwan niya lamang ito nang dumating si Makaraeg at isinama siya sa loob ng tanghalan dahil may sobrang ticket na dapat ay kay Basilio na hindi sumama nang gabing yaon.

Sa loob ng dulaan ay patuloy na nagkakagulo ang mga tao. May isang lalaking ayaw iwan ang upuang nakalaan kay Don Primitibo at wala ring nagawa ang tagapamahala sapagkat iyon ay mataas na tao sa pamahalaan.

Sa wakas, dumating din ang kapitan Heneral at itinugtog ang marcha real. Ang mga estudyante ay nakaupo malapit sa kinauupuan ni Pepay na siyang nakipagtipan kay Don Custodio. Masasaya ang mga estudyante maliban kay Isagani na nakadarama ng galit, panibugho, pagkakaapi, at pagdaramdam dahil nakita niya nang kausapin ni Paulita si Juanito Pelaez nang pumasok siya sa dulaan.

Nagsimula ang palabas. Isang pransesa ang umawit na panay ang salin ni Tadeo sa kastila ng mga salitang Pranses at gayundin ang ginawa ni Juanito kina Paulita at Donya Victorina. Samantala, nakikipagtinginan nang makahulugan si Makaraig kay Pepay. Sapagkat may masayang mukha ang mananayaw, umaasa ang mga estudyanteng magtatagumpay sila habang si Don Custodio ay nag-iisip ng mga panukala habang nanonood. Si Sandoval naman ay nagkunwaring magaling sa Pranses ay naging tagasalin ng kanyang mga kaibigan. Samantala, naroon din si Padre Irene na nautusan ni Padre Salvi na magmanman para sa simbahan. Nakilala siya ni Tadeo sa kabila ng huwad na bigote nito at malaking ilong nang ito ay nginitian ni Serpolette,ang magandang dalagang mang-aawit.

Samantala, patuloy si Tadeo sa kanyang pagkukunwari, gayon din si Juanito na kapag tumawa ang mga tao'y nakikitawa rin at dahil napaniwala

niya si Donya Victorina, labis itong humanga sa kanya lalo na nang di niya pinatulan si Don Custodio nang sabihan siyang tisiko dahil kasama raw niya ang magtiya pero ang totoo, takot si Juanito sa don. Naninibugho naman si Paulita dahil sa inaakala niyang naaaliw si Isagani sa mga mananayaw na Pranses.

Nang matapos ang unang bahagi ng palabas, marami ang nagbigay ng sariling haka-haka tungkol sa mga artista. May nagsabing mahuhusay ang mga ito subalit ayon kay Ben-Zayb, wala ni isa man sa kanila ang tunay na artista at hindi pa sila dapat hangaan. Paraan ito ng mamamahayag upang lalo pa siyang maging tanyag na manunuligsa. Sa pagkakataon ding ito napansin ang isang bakanteng palkon na ayon sa balita, iyon ay nakalaan kay Simoun na hindi nanood sa palabas na yaon.

Habang nag-uusap ang mga estudyante, dumating si Makaraig na hawak ang kalatas galing kay Don Custodio na nagsasabing pinagtibay na ang kanilang kahilingan ngunit dadaan pa rin ito sa korporasyon. Muling nag-usap ang mga estudyante at nagplano ng piging. Nang mag-iikawalo ng gabi, nakita ni Makaraig si Simoun sa kalye Ospital na malapit sa kumbento ng Sta. Clara nang tumugtog ang agunyas. Nang mag-iikasiyam naman ay nakita siya ni Camaroncocido sa may dulaan na kausap ang isang anyong mag-aaral, "Ano ang mawawala sa akin? Ano ang mapapala ko sa pagmamalasakit sa mga mamamayan?" Iyon ang ulit ni Camaroncocido.

Ayon kay Makaraig, abala si Basilio sa pag-aaral at pag-aalaga kay Kapitan Tiyago. Lalo raw hirap ito sa matanda lalo na kapag mainit ang ulo nito. Siya'y inaalimura dahil sa nais ng matandang dagdagan pa ni Basilio ang paghithit ng apyan. Tinitiis ito ng binata para na rin sa ikabubuti ng matanda na tinatanawan niya ng utang na loob. Kapag naman naliliwanagan naman ng pag-iisip ang matanda, Magiging masaya ito at tinatawag siyang anak. Ang pinagtataka ni Basilio'y bakit madalas na ito'y mahimbing matulog na wari'y marami itong apyan nahithit gayong ang tanging dumadalaw rito ay sina Simoun at Padre Irene.

Nang gabing yaon, dumating si Simoun . Kinamusta ang maysakit. Binalita ni Basilio na mahinang-mahina ang tibok ng puso nito. Nasa gayon silang pag-uusap nang tinugtog ang ikasampu at kalahati ng gabi. Nagitla si Simoun at nagsabing "Hindi ninyo binabasa ang aklat na pinadala ko sa inyo. Wala kang malasakit sa bayan!."

Nagtangkang tumutol si Basilio ngunit sinansala siya ng mag-aalalahas. Ayon kay Simoun sa loob ng isang oras ay magsisimula na ang himagsikan sa pamamagitan ng hudyat niya at kinabukasan, wala nang aral-aral, wala nang unibersidad, wala nang makikita kundi patayan. "Nakatitiyak ako ng tagumpay." sabi pa niya. Pinagpasya ng mag-aalahas ang binata sapagkat ayon sa kanya, nasa kamay niya ang kalooban ng himagsikang magwawasak

sa pintuan ng Sta. Clara at si Basilio ang namumunong kukuha kay Maria Clara.

"Ay! Huli na kayo! pahimutok na sabi ni Basilio sapagkat noong ikaanim ng hapon ay namatay na si Maria Clara.

Hindi makapaniwala ang mag-aalahas kaya ipinakita ni Basilio ang liham ni Padre Irene tungkol sa nangyari kay Maria Clara. Litung-litong patakbong umalis si Simoun at nawala na sa isip ni Basilio ang pag-aaral.

Kinabukasan, mag-uusap sina Isagani at Paulita Gomez sa Luneta at nang unti-unti nang lumalalim ang gabi, dumating ang dalaga na kaagad ngumiti nang siya ay makita na nagpapasaya sa paligid ni Isagani. Kaagad namang lumapit sa kanya si Donya Victorina upang itanong ang asawang si Don Tiburcio na alam ni Isaganing nasa bahay ng kanyang amaing si Padre lorentino. Ayon sa kanya, hindi siya makapaghihintay ng sampung oras kaya nabuo sa isipan ni Isagani na may balak pa itong mag-asawa na kaagad sinabi ni Donya Victoriana na "Ano ba ang tingin mo kay Juanito Pelaez?!!

Sa pag-uusapan naman ng magkasintahan, sa halip na si Paulita ang hingan ng paliwanag ni Isagani, si Paulita ang humingi ng paliwanag kay Isagani tungkol sa nagdaang gabi. Ayon kay Paulita, si Donya Victorina ang tanging may nais na magpunta sila sa dulaan dahil kay Juanito Pelaez.

Nagkapalitan sila ng mga pananaw sa kinabukasan. Nais ni Isaganing manirahan sa nayon na hindi magtatagal ang buong kapuluan ay malalatagan ng daang-bakal. Ang Look ng Maynila at ang Ilog Pasig ay mapupuno ng mga sasakyan ng pangangalakal, uunlad ang bansa at matutulad ang Pilipinas sa Inglatera.

Ang mga pangarap na ito ay mananatiling pangarap lamang ayon kay Paulita sapagkat sinabi ni Donya Victorina, 'mananatiling busabos ang bansang ito.'

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? kung gayon, sagutin mo ang mga sumusunod na gawain.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panglinggwistika**

Panuto: Piliin mo sa loob ng pangungusap ang kaugnay ng salitang may salungguhit.

1. Mainit ang kagalitan at <u>babagan</u> sa dulaang Variadades dahil sa ang lahat ay nagnanais na makapasok sa dulaan.

2. May isang lalaking naiiba ang kilos at hindi kabilang sa mga nagpipilit makapanood.
3. May mga pangkat ng manonood na tutol sa palabas sapagkat ito raw ay masagwa at laban sa moralidad.
4. Talagang makapal ang tao sa dulaan, para silang hinalong kalamay .
5. Nagkibit-balikat lamang si Camaroncocido at nagwikang "E, ano sa akin kung may kaguluhang magaganap.

Nahirapan ka ba? Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Kunin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayon naman, alamin mo ang mahahalagang detalye sa nilalaman ng akda. Handa ka na ba? Sige, simulan mo na.

**a. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Ilahad mo ang mga mahahalagang pangyayari sa iyong binasa sa tulong ng mga pangyayaring nakapaloob sa loob ng kahon. Ayusin mo ang mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod.

| | |
|---|---|
| Nagbalak ng piging ang mga estudyante matapos malaman ang pasya ni Don Custodio hinggil sa Akademya ng Wikang Kastila at sila ay umalis sa dulaan. | Nakilala ni Camaroncocido si Tio Kiko na nabubuhay sa paglathala, nagbabalita ng mga palabas at nagdidikit ng mga kartel. |
| Maiingay ang mga manonood dahil sa hindi pa sinisimulan ang pagtatanghal gayong lampas na sa takdang oras ng pagsisimula nito. | Nagkakagulo ang mga tao sa labas ng dulaan habang nagkikibit-balikat lamang si Camaroncocido sa nangangarap. |
| Nakita ni Camaroncocido ang ilang lalaki na umiiwas na mapuna at may binabalak. | Naninibugho si Isagani sa pakikipag-usap ni Paulita kay J. Pelaez at sumama naman ang loob ng dalaga dahil sa panonood ni Isagani sa mananayaw na Pranses. |

Tulad ni Basilio, di nagtungo si Simoun sa dulaan. Nagpunta siya sa binta upang muli itong hikayating sumama sa kanya at doon niya na nalamang patay na si Maria Clara.

Kinabukasan,magkikita sina Isagani at Paulita Gomez. Napangarap ng binata ang magagandang bagay para sa kanyang katipan.

Sa pagdating nina Paulita Gomez at Donya Victorina, kaagad nitong tinanong kung nakita ng binata si Don Tiburcio.

Umalis si Simoung damang-dama ang labis na pagdaramdam sa balitang natanggap mula kay Basilio.

Alamin mo kung tama ang sagot. iwasto mo ito sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.


**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Alamin mo muna ang nasa loob ng kahon bago sagutin ang kasunod na gawain.

Ang isang nobelista o may-akda ay may nais sabihin o iparating sa kanyang mambabasa. Ito ay maaaring ang kanyang mensahe, kaisipan o maaaring may isang pangyayaring nais niyang ilantad upang makapukaw ng damdamin o matuligsa upang mabigyan ng agarang solusyon.

Ang kabanata ng El Filibusterismo ay totoong nagsasaad ng mga makatotohanang pangyayari sa panahon ng may-akda at kung lalaliman ang pag-aaral dito, malaki ang kaugnayan ng mga pangyayaring yaon sa kasalukuyan.

Panuto: Itala sa ibaba ang nais sabihin ng may-akda sa mambabasa batay sa mga sumusunod na dayagram. Piliin sa ibaba ang wastong sagot.




Mga Pamimilian

10

Maging mapagmasid at makialam sa mga kaganapan

Matutong tumanggap ng kabiguan

Lahat ay nagdurusa dahil sa kahirapan

Maging makatarungan

Hindi likas sa Pilipino ang pagiging huli

Ipakita ang disiplina sa lahat ng pagkakataon

Nasa wastong pamamahala ang ikaaayos ng bayan

Hinamon ba ang kakayahan mong mag-isip ng nakaraang gawain. Alamin mo kung tama ang iyong sagot. Kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot:

1. Ang pagiging mulat sa mga nagaganap sa kapaligiran ay nagbubunsod ng _______.
   a. paggawa ng mabuti para sa bansa.
   b. pagiging matalino at mapanuri

c. pagpuna sa kamalian ng kapwa
d. pakikiisa sa mga dayuhan

2. Sa panonood sa loob ng teatro, dapat na ________.
a. pumalakpak nang malakas
b. pahalagahan ang pinanonood
c. magpakita ng disiplina
d. purihin ang mga artista

3. Kung naantala ang pagsisimula ng pagtatanghal, dapat na _________.
a. kaagad kausapin ang tagapamahala
b. pagsabihan ang mga artista nito
c. maging mapagpasensya at maghintay
d. umuwi na lamang at huwag nang manood

4. Alin sa mga sumusunod ang tamang paraan ng pagtanaw ng utang na loob?
a. magpasalamat sa nagawang tulong sa iyo.
b. Laging gumawa ng kabutihan
c. Gumanti sa mabuting paraan
d. lahat ng nabanggit

Tapos ka na ba? Kung gayon, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang malaman mo kung tama ang iyong sagot.

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Mula sa iyong binasa, itala mo sa angkop na hanay ang sa palagay mong positibo, kawili-wili at negatibong nakuha mo sa aralin.

| POSITIBO | KAWILI-WILI | NEGATIBO |
| --- | --- | --- |
| | | |

Naniwala ka na bang madali ang gawaing ito? Kung ang iyong sagot ay malapit sa susi sa pagwawasto, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Itala mo ang ugaling katanggap-tanggap at hindi katanggap -tanggap sa kasunod na tsart batay sa kaisipang nangingibabaw sa akda. Piliin sa ibaba ang tamang sagot.

| Katanggap- tanggap | Hindi Katanggap- tanggap |
| --- | --- |
| | |

Mga Pamimilian:

Dumating sa tamang oras.
Magpakita ng disiplina
Maging mulat sa mga kaganapan
Maging mahinahon

Gawin ang nararapat .
Bulyawan ang nagtatanghal
Sigawan ang tagapamahala
Magwalang-bahala sa nagaganap

| | |
|---|---|
| Makipag-alitan sa ibang maiingay | Huwag pansinin kung may nanggugulo |
| Matutong tumanggap ng kabiguan | Matutong makipagkasundo. |
| | Tumanaw ng utang na loob |
| | Huwag makinig sa paliwanag |

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong sagot.

6**. Sulatin mo…**

Panuto: Bilang isang mamamayang Pilipino, marami kang dapat ipagtanaw ng utang na loob sa bansa. Batay dito, bumuo ka ng talata sa tulong ng panimulang pangungusap at lagyan mo ito ng angkop na pamagat. Sumulat ka sa ibang papel.

__________________________
**Pamagat**

Bilang isang mamamayang Pilipino, marami akong dapat ipagpasalamat sa bansa tulad ng

kaya __________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________
.

Nahirapan ka ba? Sa aling bahagi ka nahirapan. Muli mong basahin ang iyong isinulat na talata bago mo ito iwasto. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Matamang basahin mo ang mga sumusunod na pangungusap. Lagyan mo ng tsek ( / ) sa tabi ng bawat bilang ang tumutugon sa natutuhan mo sa aralin.

______1. Ang mga Pilipino ay mahilig sa mga dayuhang pagtatanghal..

______2. May mga Pilipinong ayaw makialam sa mga nagaganap sa paligid.
______3. Ang sistema ng palakasan ay di mawawala sa lipunang Pilipino.
______4. Maging mapagmasid sa mga kaganapan at isipin kung ano ang magagawa ukol dito.
______5. Ang Filipino time ay pang-aglahi sa ating mga ninuno sapagkat hindi oras-Pilipino ang laging huli, ito’y namana lamang ng ilang isip-alipin sa mga dayuhan.
______6. Nahuli na si Simoun sa pagbawi kay Maria Clara sapagkat ito ay namatay na.

______7. Laganap na sa buong katawan ni Kapitan Tiyago ang lason ng apyan, tulad sa pamahalaan na laganap na ang kaguluhan.
______8. Tanging pangarap lamang ang maihahandog ni Isagani kay Paulita
______9. Mahalagang marunong tumanaw ng utang na loob tulad ng ipinakita ni Basilio.
______10. Makikita sa kasalukuyan ang katuparan ng mga pangarap ni Dr. Jose Rizal.

Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong sagot. Kunin muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Kung 7 pataas ang iyong iskor, magaling ka.

Tingnan natin kung talagang magaling ka. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Madali lang ito. Simulan mo na.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng wastong sagot.

1.Nagsisigawan na ang mga tao dahil sa lampas na sa oras ay hindi pa nagsisimula ang palabas. "Ang kilos ay mauugnay sa _________ ng mga tao.
   a. pagkagalit  c. paghihinayang
   b. pagkainis  d. pagkainip

2. Sa pahayag ni Basilio na "Ay! Huli na kayo!" ay nangangahulugang
   a, patay na si Maria Clara
   b. hindi siya sasama sa himagsakan
   c. malala na si Kapitan Tiyago
   d. tapos na siya sa gawain

3. Hindi siya mapalagay at nais niyang alimurain ang katipan na kausap si Juanito Pelaez. Ang kaugnay na salitang mailalapat sa pahayag ay __________.
   a. pag-aalala  c. pagkagalit
   b. panibugho  d. pagdaramdam

4. Alin sa mga sumusunod ang may higit na mabisa sa kasalukuyan?
   a. ang pakikisangkot sa mga mahahalagang kaganapan
   b. ang panonood ng dayuhang pagtatanghal
   c. ang pangarap ni Isagani
   d. ang panibugho ni Isagani
5. Alin ang tahasang binanggit sa aralin?
   a. may magaganap na kaguluhan
   b. hindi na itutuloy ni Simoun ang himagsikan

c. laging binibigyan ng apyan ni Padre Irene si Kapitan Tiyago
d. patay na si Maria Clara.

6. Ang kaisipang nangingibabaw sa aralin ay ______________
   a. ipaubaya sa pamahalaan ang lahat
   b. magwalambahala sa kapaligiran
   c. matutong makialam sa ikabubuti ng bayan
   d. gantihan ng sama-sama ang sama.

7. Sa pahayag ni Simoun na “kalat na ang salot ng apyan kay Kapitan Tiyago ay katulad ng pamahalaan. Nais nitong sabihin na ___________.
   a. malala na ang kaguluhan sa bansa
   b. malapit na itong bumagsak sa kamay ng dayuhan
   c. hindi na ito uunlad pa tulad ng ibang bansa
   d. wala nang aasahang pagbabago pa

8. Sinasabi ng akda na ang pagwawalambahala ni Camoroncocido ay _________.
   a. karaniwang nagaganap saanmang bansa
   b. isang katiwaliang dapat tuligsain
   c. maaaring makapigil sa alitan
   d. maaaring tularan ninuman

9-10. Ang pakikialam at pakikisangkot sa mga isyung panlipunan ay__________.
   a. pinupuri at ikinararangal ng tao
   b. nakadaragdag ng sariling gawain
   c. nakababawas sa suliraning pambansa
   d. nakapagbubunsod ng unawaan
   e. tungkulin ng isang mamamayang makabayan

Iwasto mo ang iyong sagot. Magaling ka kung ang iyong iskor ay 7 pataas. Kung 6 naman pababa, isagawa mo pa ang sumusunod na gawain.

**9. Paunlarin mo…**

Bumuo ka ng jingle na may kaisipang kaugnay ng aralin. Maaaring ang jingle ay binubuo ng 2 o 3 saknong at ang himig ay maaaring hango sa alinmang kilalang awitin.

Muli mong basahin ang iyong ginawa upang matiyak mo ang kawastuan nito. Ngayong natapos mo ang Aralin 1 ng modyul na ito, binabati kita.

# VI. Aralin 2: Laban sa Makapangyarihan

# A.Anu-ano Ang Mga Tiyak na Matututunan mo?


Pagkatapos mong mapag-aralan ang kabanata XXV hanggang XXVII, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. nabibigyang-kahulugan ang mga pahayag na ginamit sa akda
2. napipili ang mga mahahalagang detalye batay sa kayarian ng akda
3. natutukoy at nabibigyang-patunay ang ginamit sa tunggalian
4. natatalakay ang kahalagahan ng paninindigann
5. nabubuo ang isang bukas na liham na nagsasaad ng kaisipang nakuha sa aralin

B. Mga Gawain sa Pagkatuto

1. **Alamin mo**…

Panuto: Sa tulong ng salitang nakasulat sa loob ng plakard, itala ang mga pangyayaring kaugnay nito.




Kunin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro at tingnan mo kung tama ang iyong sagot Kung ang iyong sagot ay malapit sa susi sa pagwawasto, ito ay katanggap-tanggap.

Pagkatapos nito, alam kong marami kang katanungan hinggil sa mga susunod na kabanatang El Filibusterismo. Huwag kang mabahala, marami kang malalaman sa susunod na araling babasahin mo. Unawain mo itong mabuti at gawin mo ang mga kasunod na gawain

Handa ka na bang magbasa? Simulan mo na.

**2. Basahin mo…**

Laban sa Makapangyarihan

Ang bulwagan ng Panciteria Macanista de Buen ang pinagdausan ng piging. Naroroon ang labing-apat na estudyante, at mababasa ang paskel na may ganitong pahayag "Luwalhati kay Don Custodio sa sa kaitaasan at Pansit sa lupa sa mga binatang may mabubuting kalooban.' Nagtatawanan ang mga estudyante ngunit mahahalata na ang katuwaan ay pilit at sa kabila noon, sila ay malulupit at wala na sa katuwiran. Matatalim ang kanilang mga salita at ang tawa'y may tunog na naghihimagsik. Sila'y nagkainan at inihandog ang pansit-lanlang kay Don Custodio. Ang sopas ay tinaguriang sopas ng panukala: ang lumpiyang intsik ay inialay kay Padre Irene, ang torta'y iniuukol sa prayle ngunit sa pagkakataong ito ay tumutol si Isagani sapagkat may isang di daw dapat isama sa panunumpa si Padre Florentino. Tumutol din si Tadeo na ihambing sa alimasag ang mga prayle. Ang pansit guisado ay iniukol sa pamahalaan at sa bayan. Maaari rin daw itong ialay kay Quiroga o kaya, kay Simoun. Nagpatuloy ang biruan, tawanan hanggang sa may nakakita sa utusan ni Padre Sibyla.

Kinabukasan, maagang nagbangon si Basilio upang dumalaw sa ospital at pagkatapos ay tutungo sa unibersidad upang asikasuhin naman ang kanyang pagtatapos. Tutungo rin siya kay Makaraig upang mangutang ng pera sapagkat ang pera niya ay pinantubos niya kay Huli.

Sa paglakad ni Basilio, Hindi niya napansin ang mga pulu-pulutong na mga estudyante na galing sa loob ng Maynila; hindi rin niya napansin ang ilang natutubigan, ang mga paanas na usapan hanggang sa nang marating niya ang San Juan de Letran. Doon niya nalaman na marami ang nasasangkot at tinanong din siya kung naroon siya sa piging. May nagsabing walang kinalaman si Simoun sapagkat ito ay nahihiga. May nagsabi ring walang kinalaman ang mga tulisan.

Nakita rin ni Basilio si Sandoval, ngunit di niya ito pinansin. Samantala, tuwang-tuwa naman si Tadeo dahil sa wala raw pasok. Si Pelaez nama'y parang baliw sa paulit-ulit na pagsasabing wala siyang kasalanan. Si Isagani naman ay namumutla ngunit malakas pa ring nagsabing sa katiting na pangyayarin ba ay magkakawatak-watak sila,Ayon kay Isagani, "kung saan naroon ang panganib ay doon tayo dumalo dahil naroon ang karangalan. Kung ang nasasabi sa paskil ay kaayon ng ating kalooban, sinuman ang sumulat noon ay dapat ipagpasalamat. Kung hindi man ay sapat nang tutulan at tanggihan." Tumalikod si Basilio sapagkat di siya sang-ayon sa sinabi ni Isagani at nagtuloy sa bahay ni Makaraig. Naroon ang kabo at isinama siya sa mga dinakip.

Samantala, habang nagsasalita si Isagani, may lumapit sa kanya at nagsabing pinatatawag siya ni Padre Fernanadez. Si Padre Fernanadez ay ang pareng itinatangi ni Isagani kapag ang mga prayle ay inalimura. Sa isang banda, pinupuri na ito ng prayle sa taglay nitong paninindigan. Ayon sa kanya, may mga dalawang libong estudyante na ang naturuan niya at karamiha'y pumupula sa mga prayle ngunit walang nakapagsalita nang harapan tulad ni Isagani. Ayon pa rin kay Isagani, tinuturing ng mga magkapangyarihan na pilibustero ang nagsasalita ng laban at ito ay kaagad na pinag-uusig. Sinisiil sila sa malayang pagkukuro,"kaya biglang nagtanong si Padre Florante. "Ano ba ang ibig ng mga estudyante sa mga prayle?"

Hindi inaasahan ni Isagani ang gayong tanong kaya bigla rin ang kanyang sagot, "tumupad kayo sa inyong mga tungkulin." at kabilang dito, ang pagbabawas sa kinalamang ibinibigay, ang paghadlang o pagsupil sa marubdob na hangaring matuto,ang pagtuturo ng luma at lipas na karunungan, ang sabwatan ng pamahalaan at prayle upang mapanatili ang kamangmangan ng mga Pilipino, ang pagpatay sa sigla ng pag-aaral upang ang kabataan ay hindi matuto. Nasabi tuloy ni Padre Florentino na mabigat ang paratang ng binata ngunit nagpatuloy pa rin siya sa pagsasalita at sinabi niyang hindi ito kabilang sa mga prayleng kasapi sa lahat ng order na hindi dapat matuto ang mga estudyante sapagkat balang araw ay maghahangad itong lumaya. "Ang kalayaan para sa isang tao ay katumbas ng ikatuto kung sa katalinuhan at ang pag-ayaw ng mga prayle na kami'y tumalino ay siyang puno't simula ng di namin pagkakaroon ng kasiyahang-loob!." ang tahasang sabi ni Isagani.

"Ang karunungan ay ipinagkakaloob lamang sa sadyang karapat-dapat pagkalooban, sapagkat kung iyan ay ipagkakaloob sa mga taong walang malinis na kalooban at mabuting asal ay kahalay-halay lamang, tugon ni Padre Fernandez, ngunit sa bawat katwiran ng pare ay kaagad na may panagot si Isagani, na ayon sa kanya bakit may mga taong walang malinis na kalooban at mabuting asal. Ito ay dahil naman sa mga magulang at sa kapaligiran na siyang naging sagot ng pare? Labis itong tinutulan ni Isagani at nagwikang "kung ano man kami, ay kayo ang may gawa. Ang bayang sinisiil ay tinuturuan ng pagkukunwari; ang taong pinagkakaitan ng katotohanan ay pinagkakalooban ng kasinungalingan, ang mandarahas ay gumagawa ng mga alipin."

Tunay na nakilala ni Padre Fernanadez ang kanyang kagipitan at noon lamang niya naranasan sa buo niyang buhay na siya ay tinalo ng isang estudyanteng Pilipino kaya ginawa niyang kalasag ang pamahalaan na nahalata naman ng binata hanggang sa tahasan niyang sinabi na hindi dapat humadlang ang mga prayle sa malayang pagtuturo na para sa mga prayle ay isang pagpapatiwakal, ngunit para sa binata, ang malayang pagtuturo ay isang pakikiraan upang di masagasaan ang mga prayle hanggang sa nasabi ni Padre Florentino na magsaka na lamang sila."

Ayon kay Isagani, " may pumipilit na sila ay mag-aral. Katungkulan ng bawat tao na hanapin ang kanilang mga kaganapan ng pagkatao. Katutubo sa tao na linangin ang kanyang talino at lalong matindi ang nais na ito rito dahil sa ito'y hinahadlangan. Ang pamahalaan at prayle ang pumipilit na kami'y mag-aral at maghanap ng karunungan dahil sa inyong pag-aglahi sa amin sa kawalang-pinag-aralan at kamangmangan . Dinugtong pa rin niya na "Titigil lamang ang mga estudyante kung magpapakita ng kabutihan ang mga magtuturo. Sabi pa niya, "Gusto ninyong mga prayle, kayong mga may karunungan na magkaroon ng bayan ng mga mananamim, ng mga magsasaka ngunit sa pagkamagsasaka na lamang ang kalagayang dapat maabot ng tao sa kanyang pagsulong? O ibig niyang mapainyo ang karunungan at mapaiba ang paggawa.

"Ang karunungan ay dapat taglayin ng mga taong dapat mag-ingat nito, at dito, magkakaroon ng gurong may paglingap,,," tugon ni Padre Fernanadez.

Ayon kay Padre Fernanadez, sasabihin niya sa kanyang mga kasamahan ang napag-usapan nila ng binata ngunit nangangamba siyang baka hindi maniwala ang mga ito na may estudyanteng tulad ni Isagani. Gayon din ang tinuran ng binata, baka di maniwala ang mga kapwa-estudyante na may pareng tulad ni Padre Fernandez.

Natapos ang kanilang pag-uusap at nagtungo si Isagani sa pamahalaang sibil, titingnan ang mga paskin at sasanib siya sa kanyang mga kasama.

Naunawaan mo ba ang inyong binasa? Nakuha mo ba ang mga ideyang nais linawin ni Dr. Jose Rizal. Kung naunawaan mo, tiyak, masasagutan mo ang mga kasunod na gawain.

**3. Linangin mo…**

a. Pagsusuring Panglinggwistika:

Panuto: Piliin ang titik sa ibaba na magbibigay kahulugan sa mga kaisipang nasa pahayag

1. Matatalim ang kanilang mga salita at ang tawa ay may tunog na naghihimagsik.
2. Si Pelaez nama'y parang baliw sa paulit-ulit na pagsasabing wala siyang kasalanan.
3. Kung saan naroon ang panganib ay doon tayo dumalo dahil naroon ang karangalan..
4. 
5. Doon niya nalamang marami ang nasangkot at tinanong kung siya ay nasa piging.
6. Itinuturing ng mga maykapangyarihan na pilibustero ang nagsasalita ng laban at ito ay kaagad na pinag-uusig.

a. Ang tao ay walang karapatang magsalita ng laban kung hindi , sila ay maparurusahan
b. Dapat ipagsanggalang ang paninindigan sapagkat iyon ang nararapat.
c. Mararamdaman sa kanila ang galit ng kalooban.
d. Gusto niyang iligtas ang sarili sa mga kaganapan.
e. Totoong wala siyang alam sa mga pangyayari.

Tapos ka na ba? Kung gayon, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang malaman mo kung ang sagot mo ay tama.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Isulat sa bawat kahon ang sagot batay sa nakasulat sa ilalim nito.

| Tauhan | Simula | Tunggalian | Kasukdulan |
|---|---|---|---|
| | | | |

**Wakas**

Nadalian ka ba? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ang iyong sagot ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**c. Pagsusuring Pampanitikan:**

Sa tulong ng dayagram sa ibaba na magpapatunay na ang uri ng tunggalian sa akda ay tao sa tao, isulat ang maaaring pagkakatulad o pagkakaiba nina Padre Fernanadez at Isagani at ipaliwanag.

| | PADRE FERNANDEZ | ISAGANI | PALIWANAG |
|---|---|---|---|
| ANYO | | | |
| KALAGAYAN SA BUHAY | | | |
| INIISIP | | | |
| PAPEL NA GINAGAMPANAN | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

1. Batay sa sinagutang dayagram, anong uri ito ng tunggalian? Ipaliwanag ang sagot.

Nahirapan ka ba? Sa anong bahagi ka nahirapan? Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Ito ay katanggap-tanggap kung malapit.

**d. Halagang Pangkatauhan:**

Panuto: Ayusin ang ginulong mga titik upang matukoy ang salitang nasa loob ng kahon, Pagkatapos, itala sa ibaba ang mga katangiang taglay nito.

G I
D
I P N
I N
A N N A

_______________________________________

_______________________________________

_______________________________________

_______________________________________

_______________________________________

Madali mo bang nakuha ang sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Ito ay katanggap-tanggap kung malapit sa tamang sagot.

**4.Palalimin mo…**

Panuto: Mula sa mga nakatalang piling pahayag, sipiin sa akda ang mga kaugnay na kaisipan at ipaliwanag ito.

| Piling Pahayag | Kaugnay na kaisipan mula sa akda | Paliwanag |
|---|---|---|
| 1.Nagtatawanan at nagbibiruan sila | | |
| 2. Wala, wala akong nalalaman.<br>Ako'y walang pakialam | | |
| 3. Walang inihahasik sa amin kundi mga kaisipang luma, mga lisyang simulating kasalungat ng pagkakasulong | | |
| 4. Isang tunay na kagalang-galang, siyang itintangi kailanma't inaalimura ang mga prayle. | | |
| 5. Ang anumang salita na hindi ka sang-ayon ng niloloob ng makapangyayari ay ipinalalagay na pilibustero. | | |

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Ito ay katanggap-tanggap kung malapit sa tamang sagot.

**5.Gamitin mo…**

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Naging pabaya ka sa iyong pag-aaral. Ilang araw kang di nakapasok kaya nang magbigayan ng card, nakita mong bagsak ang mga marka mo. Natakot ka kaya sa tulong ng iyong magulang, sinikap mong muli kang matanggap pero sa tingin mo, ayaw kang paniwalaan ng iyong mga guro na ginagawa mong pagbabago. Alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?

    a. Titigil na sa pag-aaral.
    b. Tatanggapin ang hamon.
    c. Ipauubaya sa tadhana ang lahat.
    d. Magsusumbong sa mga magulang

2. Bilang kasapi ng Sangguniang kabataan, alam mong mayroon kang karapatang dapat ipaglaban sa inyong pook ngunit ito ay laging di pinahahalagahan dahil sa sistema ng palakasan, Alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?
    a. magsasawalang-kibo na lamang.
    b. makikipag-usap sa nakatataas.
    c. lilipat na lamang ng ibang pook
    d. magsusumbong sa maykapangyarihan

3. "Alumni Homecoming" sa paaralang pinagtapusan mo at sumagot ka sa mga dati mong kamag-aral na dadalo ka, ngunit biglang dumating ang iyong bagong kaibigan at inanyayahan ka sa isang inuman, Alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?
    a. sasama sa bagong kaibigan, baka magtampo ito.
    b. dadalo sa Alumni Homecoming sapagkat ito ang unang nasagutan.
    c. maguguluhan kaya magtutulog na lang sa bahay.
    d. walang pipiliin para walang samaan ng loob.

Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Matamang basahin ang bukas na liham at punan ng angkop na sagot ang mga patlang. Piliin sa ibaba ang tamang sagot. Pagkatapos, muling isulat ang liham. Sumulat sa iyong sagutang papel.

Nobyembre 20, 2004

G. Pedro dela Cruz
Punong Barangay
Barangay 114, Sona 18
Maynila

G. Pedro dela Cruz:

Kapansin-pansin na __________ sa kalye at marami na ang ___________ nahoholdap at nalalagay sa _________ang buhay sa lugar na ito.

___________ po namin na malagyan ng __________ ang naturang pook at magtalaga ng mga ___________ na magbabantay sa pook na yaon.

Sana po, ang __________ ng mga tagaroon ang unahin ninyo, sa halip na bigyang-pansin ang nauukol sa pagpapaganda ng iyong _________. Panglimang liham na po namin ito at sana, ___________ ninyo ang mga __________ ninyo sa amin.

Lubos na sumasaiyo,
Melchor Suarez

Mga pamimilian

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| panindigan | peligro | ikabubuti | hinihiling | tanggapan |
| madilim | ilaw | nababalitaang | tanod | ipinangako |

Madali lamang ang gawaing ito, di ba? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at kung ito ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**7. Lagumin mo…**

Ang taong may paninindigan ay dapat na___________

Manindigan ka kung________________________________________

upang_______________________________________________

sapagkat ____________________________________________

kaya _______________________________________________

Katanggap-tanggap ang sagot mo kung malapit sa tamang sagot.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Hindi niya napansin ang mga mag-aaral na natutubigan dahil sa nangyari. Ang natutubigan ay _____
   a. nalito c. naguluhan
   b. nagulat d. natakot
2. Hindi natanggap ni Isagani na mapabilang si Padre Fernandez sa mga prayleng inaalimura. Ang inaalimura ay _____
   a. nililibak c. iniiwasan
   b. inaayawan d. kinapopootan
3. Siya ang taong tunay na kagalang-galang, siyang itinatangi. Ang pahayag ay nangangahulugang _________.
   a. siya ay naiiba b. tunay siyang kagalang-galang
   c. wala siyang kaparis d. siya ang pinili
4. Ayon sa akda, ang mga mag-aaral ay ___________ sa pasya ni Don Custodio.
   a. natutuwa c. nang-uuyam
   b. nagdiriwang d. nanunukso
5. Alam ng lahat ang nagyari sa panciteria maliban kay _________.
   a. Isagani c. Juanito
   b. Tadeo d. Basilio
6. Pinatawag ni Padre Fernandez si Isagani upang __________.
   a. alamin ang nangyari
   b. ito ay pagpaliwanagan
   c. hingan ito ng paliwanag
   d. purihin sa nangyari
7. Ipinakita sa akda na si Isagani ay ____________.
   a. tunay na matalino.

b. may paninindigan
c. magalang sa prayle
d. marunong makiusap

8. Ang nangingibabaw na tunggalian sa akda ay _________.
    a. ang tao sa tao
    b. ang tao sa sairli
    c. ang tao sa kapaligiran
    d. ang tao sa pamahalaan

9-10. Mahalaga sa tao ang may paninindigan sapagkat --
a. maipaglalaban niya ang nararapat
b. mapatutunayang matalino siya.
c. makapangangatwiran siya sa paraang gusto niya.
d. mailalahad niya ang sariling karanasan sa buhay
e. maipaliliwanag ang sariling pangangatwiran

**9. Paunlarin mo…**

Panuto: Ayusin ang ginulong mga salita upang mabuo ang kaisipan nito.

| katwiran | niya | sapagkat | marangal | matuwid |
|---|---|---|---|---|
| ang | taong | paninindigan | may | naipaglalaban |
| ang | isang | na | | |

# VII. Aralin 3 - Mga Huling Sandali

# A. Anu-ano Ang Mga Tiyak na Matututunan Mo?

Pagkatapos mong pag-aralan ang kabanat XXVIII- hanggang XXX ng El Filibusterismo, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nabibigyang- hinuha ang kahulugang maaaring ipinahihiwatig ng pamagat
2. Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga mahahalagang pangyayari sa akda
3. Nasusuri at naipaliliwanag ang istilo ng may-akda sa paraan ng presentasyon batay sa pagkapanitikan ng akda
4. Natatalakay ang kahalagahan ng matalinong pagpapasya
5. Naisusulat ang konseptong nabuo mula sa akda sa pamamagitan ng islogan

**B. Mga Gawain sa Pagkatuto**

**1. Alamin mo…**

Panuto: Buuin ang nasa loob ng kahon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |
| 6 | | |

| | | |
|---|---|---|
| 7 | | |
| 8 | | |
| 9 | | |
| 10 | | |
| 11 | | |
| 12 | | |
| 13 | | |

1. Ang katipan ni Basilio
2. Ang bida sa Odyssey ni Homer.
3. Ang pagtatanghal sa Dulaang Variedade
4. Ang Katipan ni Paulita Gomez
5. Ang ika-14 na letra sa alpabetong Filipino
6. Ang kasingkahulugan ng sakim.
7. Ang mag-aalahas
8. Ang hinihitit ni Kapitan Tiago

9. Ang katulad ng bilang 5
10. Ang Buena Tinta
11. Ang namumuno sa guardia sibil
12. Ang pinuntahan ng Kapitan Heneral pagkagaling ng Buso-buso
13. Ang pangalan ng ulong nagsasalita.

Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Anong salita ang nabuo mo? Tingnan mo kung ano ang kaugnayan niyan sa pag-aaralan mo.

Alam kong ang susunod na gawain ang pinakahihintay mo sapagkat nasasabik ka nang malaman ang mga susunod na pangyayari sa mga kabanata ng El Filibusterismo. Sa bahaging ito, unti-unting nagiging malinaw sa iyo ang mga bahaging naging palaisipan sa iyo sa mga nakaraang kabanata. Madaragdagan din ang pagkaunawaan mo sa mga ideolohiyang nais ibahagi sa atin ni Dr. Jose Rizal at paano ito nagkaroon ng malaking kaugnayan sa sa buhay ng bawat isang Pilipinong, lalo na sa kasalukuyan.

Ang mahalaga, unawain mo ang iyong babasahin. Handa ka na ba? Simulan mo na.

**2. Basahin mo…**

**Mga Huling Sandali**

Ipinangalandakan ni Ben-Zayb sa El Grito na tama siya sa pagsasabing makasasama ang pag-aaral sa kapuluan ng Pilipinas. Pinatunayan ito ng mga paskil.

Nagdulot din ng takot mula sa mga intsik hanggang sa Heneral ang paskil na nakuha sa pinto ng unibersidad. Maging ang mga prayleng laging nagtutungo sa tindahan ni Quiroga ay hindi sumilay roon, tanda ng may masamang nangyayari. Di rin siya nagpapasok ng mga Indyong di niya kilala sa pasugalan sa takot na manakaw ang halagang ipinatalo ng mga mahihirap roon.

Nagtungo si Quiroga kay Simoun upang isangguni kung panahon na upang gamitin ang mga baril at pulbura na itinago sa kanyang tindahan ngunit ayaw ipagkita ni Simoun kaninuman. Pinagbilin na lamang nito na huwag gagalawin ang anuman sa kinalalagyan nito. Nagtungo rin si Quiroga kay Don Custodio upang alamin kung dapat sandatahan na ang kanyang tindahan ngunit ayaw din nitong tumanggap ng panauhin. Naalaala ng intsik si Ben-Zayb ngunit nang magpunta siya sa bahay nito upang makibalita, nakita niyang nakahanda ang rebolber nito, kaya kaagad siyang umuwi.

Nang ikaapat ng hapon, hindi na paskin ang paksa ng usapan kundi ang pakikipag-ugnayan ng mga estudyante sa mga tulisan sa San Mateo. May lulusob daw sa siyudad ayon sa usapan sa panciteria. May mga pandigmang sasakyang Aleman sa labas ng look na tutulong sa kilusan. May balita pa ring may mga pangkat ng mga estudyanteng tutungo sa Malacañang at maghahain ng tulong sa Kapitan Heneral sapagkat sila ay maka-Kastila ngunit nabilanggo dahil sa natuklasang sila ay may mga sandata. Ang balita'y nakarating kay kapitan Tiyago sa pamamagitan ni Padre Irene. Diumano, may ilang tao raw nag-uudyok sa Heneral na samantalahin ang pangyayaring yaon upang sindakin at bigyan ng aral ang mga binatang pilibustero. Umiral na ang mga haka-haka ng mga tao. May nagsabing magpapabaril sa sandoseng pilibustero upang matigil ang kaguluhan. Ang sabi ng isa, hayaan daw na palakarin sa kalsada ang mga kawal nang may dalang kanyon nang manahimik na sa bahay at ang sabi naman ng isa, pagpapatayin ang mayayaman at linisin ang bayan.

Dahil sa pagkakadakip kay Basilio at pagkakakahalughog sa mga papeles nito, lalong lumubha si Kapitan Tiyago. Nadagdagan pa ito ng mga balita ni Padre Irene na naging bunga, nanginginig ang kaawa-awa at sa matinding hirap ay nagkandidilat ang mga mata. Kumapit siya sa bisig ni Padre Irene upang bumangon ngunit patay na siya. Natakot ang kura kaya tumakbo siya ngunit dahil kumapit sa kanya ang patay, nakaladkad niya ito hanggang sa maiwan ang bangkay sa gitna ng silid.

Lalong sumidhi ang katatakutan ng gabing yaon. Ang gabi ay isa sa pinakamalungkot.Sa mga bahay ay nagsisipag-usyoso ang mga may loob sa Diyos at nagpapatungkol ng mahahabang requiem sa mga kaluluwa ng mga kamag-anak nila at kaibigan. Ikawalo pa lamang ng gabi'y bahagya nang makakita ng mangisa-ngisang naglalakad. Paminsan minsan ay nakaririnig daw ng kabayong takbo nang takbo na waring may hinahabol. May nagsabog din daw ng perang pinag-agawan ng mga bata. Inaakalang kagagawan iyon ng mga pilibustero kaya hinabol ng opisyal ang mga bata na inakalang simula na iyon ng himagsikan. May nahuli ring nagbabaon ng baril sa silong ng bahay ngunit tumakbo ang mga ito. Isang beteranong inakalang estudyante ang sinino sa Dulumbayan ngunit hindi sumagot dahil bingi , binaril, patay.

Si Isagani raw ay luku-luko dahil nagpahuli kaya baka magpapakasal na sa iba si Paulita Gomez. Si Tadeo ay nabaril daw pero hindi na umimik yaong babaeng nagpautang sa binatang ito, sa takot na mapaghinalaang kasabwat. Sa bahay naman ni Placido ay pinagtatalunan ang nangyari. Ayon sa manggagawa kagagawan ni Padre Salvi ang kaguluhan, at may nagsabi namang si Quiroga ang may pakana nito ngunit sa pagdating ni Placido, kasama ang manggagawa ng pulbura, sinabi ng estudyante na hindi niya nakausap ang mga bilanggo pero magkakaroon ng pugutan ng ulo, sagot ng kasama niya. Biglang sumagot ang isa na hindi matutuloy ang pugutan ng ulo, dahil may sakit si Simoun. Nakatingin ang dalawang bagong dating. Pagkatapos, nagtanong ang magpupulbura “Ano ang gagawin ninyo kung magkakaroon ng himagsikan?” Totohanin na natin, kasi pupugutan din lang naman tayo”? Sagot kaagad ng isa.

Nang gabing yaon, pinalitan ng mga artilyerong Kastila ang mga tanod sa loob ng Maynila at kinabukasan naman, may nakitang bangkay ng isang dalagitang kayumanggi na halos hubad na ngunit di iyon ibinalita ng mamamahayag.

Samantala, maringal ang libing kay Kapitan Tiyago at si Padre Irene ang naging tagapamahala at tagapagpatupad ng kanyang testamento. Ang kanyang kayamanan ay mapupunta sa Sta Clara, sa Papa, sa Arsobispo, at sa mga orden. Nagtira siya ng P20.00 pangmatrikula ng mga mahihirap na estudyante. Binawi niya ang P25.00 na pamana kay Basilio dahil sa masamang inasal nito ng mga huling araw ngunit kinuha iyon ni Padre Irene at sinabing bahala na ang kanyang bulsa at budhi ang managot.

Nang nakaburol si Kapitan Tiyago, marami ang napag-usapan. Nakita raw ng mga mongha ang nagliliwanag na kaluluwa nito na dahil sa maraming pamisang nagawa nito. May nagsabing nakasuot ito ng prak, nakaumbok ang pisngi dahil sa nginunguyang hitso, dala ang sasabunging manok. May naghaka na hahamunin ni Kapitan Tiyago si San Pedro ng sabong . Si Donya Patronocio na kaagaw ni Kapitan Tiyago sa pagpapataasan ng ihi sa pagkabanal ay nagnanais na ring mamatay kinabukasan upang mahigitan ang libing ni Kapitan Tiago.

Sa kabilang dako, dinamdam ng buong bayan ang pagkadakip kay Basilio. Maaari raw patayin o ipatapon ang binata dahil Enero rin daw nang bitayin ang tatlong paring martir, pero para kay Hermana Penchang, iyon daw ay dahil sa hindi ito nag-aagua bendita sa simbahan pero sa iba hindi raw dapat nangyari iyon sa binata dahil tahimik naman ito at ang lahat ay dahil sa paghihiganti ng mga prayle ng tinubos ng binata si Huli na anak ng tulisang si Tales. Ayon kay Hermana Penchang, buti na rin ang nangyari dahil ayaw niyang magalit ang mga prayle sa kanya.

Ang totoo, ikinalungkot ni Hermana Penchang ang pagkakatubos kay Huli sapagkat inaako ng dalaga ang pagdarasal at pag-aayuno ng matanda.

Si Hermana Bali ang nagbalita kay Huli ng pagkakadakip kay Basilio at alam niyang wala na itong tagatangkilik at tututlong dito upang makalabas ito sa bilangguan dahil patay na si Kapitan Tiyago. Inisip ni Huli na tulungan ang binata kaya sa payo ni Hermana Bali, sinabi nitong lumapit kay Padre Camorra. Si Padre Camorra ang tumulong din sa kanya ukol kay Tandang Selo. Bantulot siyang lumapit sa prayle at alam ni Hermana Bali ang dahilan, napilitang lumapit ang dalaga kay Padre Camorra na tinaguriang “Si Kabayo”, na sadyang malikot sa babae.

Binagungot si Huli ng gabing yaon. Nakita niya ang kanyang ama, si Basilio na naghihingalo at kinahapunan ng sumunod na araw, may napabalitang mga estudyanteng binaril at nabalitaang si Basilio na lamang ang nakakulong. Ipatatapon daw ito sa Carolina. Ito ang nag-udyok kay Huli na hanapin si Hermana Bali. Sumunod na ngayon si Huli, namumutla, ang tingi’y sa ibaba at natatakot siyang itaas ang mata. Akala niya’y siya ang tinitingnan ng lahat ng tao at siya ang itinuturo. Isang pangalang mahalay ang humahaging sa kanyang tainga ngunit nagbingi-bingihan at nagpatuloy ng paglakad.

Kinagabihan, naging usap-usapan ang nangyari kay Huli nang hapong iyon. Tumalon ito sa bintana ng kumbento at si Hermana Bali nama'y patakbong bumaba sa pinto ng kumbento. Samantala, si Tandang Selo nama'y nagsisisigaw at nagpupukpok sa pinto ng kumbento.

Tapos ka na bang magbasa? Inuunawa mo ba naman ang iyong binasa? Natutukoy mo ba ang mga kaalamang dapat mong matamo? Kung gayon, madali mong masasagot ang mga gawaing inihanda para sa iyo.

## 3. Linangin mo…

### a. Pagsusuring Panglinggwistika:

Panuto: Isulat sa patlang ang mga salitang mahihinuhang kahulugan ng salitang nasa loob ng kahon.


**HULING SANDALI**

______________ ______________ ______________

Nadalian ka ba? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang malaman mo kung tama ang iyong sagot. Kung malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

### b. Pagsususring Pangnilalaman

Panuto: Sa tulong ng dayagram, isulat ang sanhi at bunga ng mga mahahalagang pangyayari sa akda.




Nahirapan ka ba? Sa aling bahagi ka nahirapan? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ito ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Bago mo gawin ang susunod na gawain, alamin mo muna ang nasa loob ng kahon.

> Alam mo ba kung ano ang <u>pagkapanitikan ng akda</u>- Ito ay tumutukoy sa kakayahan ng may-akda na ilantad sa kanyang akda ang isang katotohanang ito, gumamit ang may-akda ng mga sagisag, ng mga salitang magdaragdag ng kasiningan sa paglalahad ng mga pangyayari.
>
> Sa pagkapanitikan ng akda, pili ang mga salitang ginamit kaya ang may-akda ay humahabi ng mga salitang punung-puno ng kahulugan na hahamon sa isipan ng mga mambabasa na mag-isip.

Panuto: Sipiin sa akda ang mga bahaging nagpapatunay sa pagkapanitikan ng akda at ipaliwanag. Sumulat sa iyong sagutang papel.

| Pahayag mula sa akda | Mga piling Salitang ginamit | Pagiging makabuluhan ng pahayag | Hamon sa Pag-iisip |
|---|---|---|---|
| | | | |

Kunin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Ito ay katanggap-tanggap kung malapit sa tamang sagot.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot:

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpalubha sa sitwasyon?
   a. paniniwala sa mga haka-haka
   b. pagkawala ni Simoun
   c. pagpunta ni Quiroga kay Simoun
   d. pagkamatay ni Kapitan Tiyago
2. Sino sa mga tauhan ang sa palagay mo'y nagpakita ng labis na kahinaan?
   a. Quiroga c. Huli
   b. Kapitan Tiyago d. Basilio
3. Bakit mahalagang matalino sa pagpapasya?
   a. upang di magsisi sa bandang huli
   b. para maging tama ang sagot
   c. sapagkat batayan ito ng pagkatao
   d. dahil ito ang basehan ng iyong talino

Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong sagot. Maaari mo nang kunin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Pagkatapos nito, humanda ka naman sa panibagong gawain. Huwag kang mag-alala, madali lamang yaon.

**4. Palalimin mo…**

Panuto:
1. Dugtungan ang pahayag batay sa konseptong nakuha mo sa aralin.

Dapat na maging matalino sa pagpapasya
sapagkat____________
kaya________________
upang_______________

Kapag ang tao ay hindi naging matalino sa pagpapasya.
siya ay_______________________________________
kaya _________________________________________
upang ________________________________________

Tapos ka na ba ? Kung gayon, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) kung ikaw ay sumasang-ayon at ekis (x) kung ikaw ay salungat sa kaisipang inihahayag.

____ 1. May mga Pilipinong naniniwala sa mga haka-haka.
____ 2. May itinatago ang taong madaling matakot.
____ 3. Nakagagawa ng di tama ang taong may kasalanan.
____ 4. May kinalaman si Basilio sa pagkamatay ni Kapitan Tiyago.
____ 5. Dapat maging maringal ang libing ng taong namatay.
____ 6. Tinuligsa ni Dr. Rizal ang maling paraan ng pananampalataya.
____ 7. Ang kahirapan ay laging nagbubunsod ng kapahamakan sa isang tao.
____ 8. Imulat ang mata sa maling paniniwala.
____ 9. Ang kahinaan ng tao ay magliligtas sa kanya sa ibayong dusa.
____ 10. Maging matalino sa pagpapasya nang hindi magsisisi.

Madali lang, di ba? Para malaman mo ang iyong iskor, kunin mo sa iyong guro sa susi sa pagwawasto.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Isulat sa angkop na hanay kung katanggap-tanggap o hindi katanggap-tanggap ang mga kaisipang nasa ibaba.

| KATANGGAP- TANGGAP | HINDI KATANGGAP-TANGGAP |
|---|---|
| | |

Maging matalino sa pagpapasya.
Maniwala sa mga sabi-sabi.
Magpatiwakal kapag nagkamali.
Pagbigyan ang kaibigan kahit ito ay makasasama.
Mag-ingat sa mga balitang walang batayan.
Laging makinig sa sinasabi ng matatanda kahit mali.
Paghandaan ang kamatayan.
Iasa sa Diyos ang lahat.
Walang maling paraan ng pananampalataya.
Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.

Pinag-isipan mo bang mabuti ang iyong sagot? Kung gayon, mainam. Kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto, nang malaman mo kung tama ang iyong sagot.

7. **Lagumin mo**…

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang mga bilang na magsasabi ng iyong natutunan sa aralin.

_______ 1. Nababago ang balita kapag nagpasalin-salin sa bibig ng mga tao.

_______ 2.Ang pagpatay ay kasalanan.

_______ 3. Nais ng mga prayleng luminis ang bayan at maging matatag ang pamahalaang Kastila.

_______4. Katawan at puri ni Huli ang hangad ni Padre Canorra.

_______ 5. Nagpatiwakal si Huli dahil sa pag-aabuso ni Padre Canorra.

_______6. Ipinakita ang maling paraan ng pananampalataya.
_______ 7. Maraming prayle ang nagtatago sa kabanalan ng abito.
_______ 8. Ang istilo ni Rizal sa pagsulat ay nakapagpalinaw sa mensahe nito.
_______ 9. Sa pagkapanitikan ng akda, pili ang mga salitang ginamit.
_______ 10. Maaaring mailantad ang katotohanan sa pagkapanitikan ng akda

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto:

**8. Subukin mo…**

Panuto: Piliin ang titik ang wastong sagot:

1. Sa pahayag na "Ipinangangalandakan ni Ben-Zayb na tama siya sa pagsasabing nakasasama ang pag-aaral sa Pilipinas, mahihinuhang ____________.
   a. siya ay mayabang
   b. ayaw niya sa Pilipinas
   c. ayaw niyang matuto ang mga Pilipino
   d. gusto niyang masabing siya ay matalino.
2. Dahil sa mga pangyayari, umiral na ang haka-haka ng mga tao. Mahihinuhang__.
   a. marami ang nagaganap ss paligid.
   b. mahilig ang mga taong mag-usap
   c. ang tao ay may opinyon sa nagaganap
   d. ang haka-haka ay sadyang nagaganap
3. Sa pahayag na "ang tingi'y sa ibaba, at natatakot siyang itaas ang mata." Mahihinuhang siya ay ______________.
   a. nahihiya c. kinakabahan
   b. natatakot d. naiilang
4. Si Isagani raw ay luku-luko dahil _____________.
   a. nagpahuli ito.
   b. umiibig sa di niya kauri.
   c. nakipagtalo sa prayle
   d. ikinaila si Don Tiburcio
5. Napaniginipan ni Huli na itatapon sa Carolinos si Basilio kaya _______.
   a. umiyak siya nang umiyak
   b. humingi siya ng tulong kay Hermana Bali
   c. pumayag siyang makipagkita kay Padre Camorra
   d. nagpaturo siya ng dasal kay Hermana Penchang
6. Nagpatiwakal si Huli dahil ___________.
   a. nakakulong si Basilio
   b. nahulog ito sa bintana
   c. sa utos ni Hermana Bali
   d. kay Padre Camorra

7-8. Sa pagkapanitikan ng akda, alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang?
   a. pili ang mga salita

b. makabuluhan
c. humahamon sa isip
d. masining ang paglalahad
e. tahas ang pahayag

9-10. Ang matalinong pagpapasya ay nagbubunga ng __________.
a. pagtatagumpay sa buhay
b. hindi pagsisisi sa huli
c. paghanga ng iba
d. pagkatuwa sa pangyayari
e. paglaganap ng kabutihan

Pagkatapos mong isagawa ang gawain, iwasto mo ang iyong sagot. Kung ang iskor mo ay 7 pataas, ang galing mo. Kung 6 pababa, gawin mo ang susunod na gawain.

9. Paunlarin mo…

Panuto: Bumuo ng islogan tungkol sa kaisipang nakuha mo sa aralin. Ang bubuuing islogan ay dapat na binubuo ng 2 linya na may magkatulad na bilang ng mga pantig.

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ito ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

## *VIII. Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Sa pahayag na "ang bulung-bulungan ay nagkakaalaman ang mga estudyante at ang mga namumundok sa San Mateo. Mahihinuha na ang pahayag ay ______.
   a. totoong-totoo  c. walang batayan
   b. opinion lamang  d. dapat paniwalaan

2. Si Doña Patricinio, ang dating katunggali ni Kapitan Tiyago sa pagkamasambahin ay tunay na nagnasang mamatay kinabukasan upang magkaroon ng lalong maringal na libing. Mahihinuhang siya ay _____.
   a. tunay na madasalin
   b. sadyang mainggitin
   c. nais nang mamatay
   d. tunay na kaibigan

3. "Pabayaan mong itapon si Basilio; bayaan mong barilin siya sa daan at sabihing nagtangkang tumakas, pagpatay na, saka ka magsisi," Ang nagsasalita ay mahihinuhang _____.
   a. nanghihinayang  c. naninisi

b. nanunumbat d. nangungunsensya

4. Ayon sa akda, ipinagbawal ni Quiroga ang pagpasok ng mga Indyong di niya kilala sa pasyalan sapagkat ________.
   a. nag-aalala siyang baka manakaw ang mga halagang ipinatalo raw ng mga mahihirap
   b. baaka lumusob ang mga estudyante at mga tulisan na balitang nagsanib na.
   c. ibinilin ni Simoun na huwag gagalawin ang mga baril na nakatago sa tindahan.
   d. ipinagbawal ni Don Custodio na nakaalam na may malagim na himagsikang magaganap.

5. Lalong lumubha si Kapitan Tiyago dahil sa __________ .
   a. himagsikang magaganap
   b. apyang hinihithit niya
   c. pagkakadakip kay Basilio
   d. pagdating ni Padre Irene

6. Dinamdam ng buong bayan ang pagkadakip kay Basilio dahil sa _____.
   a. kawawa naman si Kapitan Tiyago
   b. tahimik lamang ito.
   c. inaalala nila si Huli.
   d. walang sinumang tutubos dito

7. Binangungot si Huli nang gabing yaon. Nakita niya ang kanyang ama, si Basilio na naghihingalo. Anong katotohanan ang nais ilantad sa bahaging ito?
   a. Labis siyang naapektuhan ng problema niya
   b. Gustung-gusto na niyang makita sina Kabesang. Tales at Basilio.
   c. Wala siyang magawa sa mga problema niya.
   d. Pagud na pagod siya sa mga kahirapan ng buhay

8. Sumunod si Huli patungo sa kumbento, namumutla, ang tingi'y sa ibaba at natatakot siyang itaas ang mata. Akala niya'y tinitingnan siya ng lahat ng tao. Ang katotohananang nais tukuyin dito ay _______ .
   a. nahihiyang nadakip si Basilio.
   b. di matanggap na sumama sa tulisan ang ama.
   c. pumayag na siyang makipagkita kat Padre Camorra.
   d. pinagalitan siya ni Hermana Penchang.

9-10. Alin-alin ang ibinubunga ng matalinong pagpapasya?
   a. hindi magsisisi sa bandang huli
   b. walang magiging problema
   c. darami ang kaibigan
   d. hahangaan ng iba
   e. magtatagumpay